

# energizeeastside

fact sheet

Patuloy na nakakamit ng Energize Eastside ng Puget Sound Energy (PSE) ang malalaking milestone nito, sa pamamagitan ng mga aktibidad sa pagpaplano at konstruksyon na nangyayari sa buong corridor.

#### Patuloy ang kontruksyon at pagkuha ng permit

Ang sentro ng 16 na milyang upgrade na ito ay ang konstruksyon ng substation ng Richards Creek sa timog Bellevue. Malapit nang matapos ang trabaho sa substation, at mga pinal na elektrikal na koneksyon na lang ang hinihintay na matapos. Nakabit na ang mga bagong 230 kV na linya ng transmisyon sa Renton at timog Bellevue, at susunod na rito ang Newcastle ngayong taon. Ang nasa hilagang bahagi na kalahati ng linya ng transmisyon ay gagawin sa 2024.

Malapit nang matapos ang pagpapalit ng pole sa Renton, kasama ang isang inobatibo at kolaboratibong proyekto sa Lungsod at komunidad ng lokal na sining. Sa tulong ng mga artist sa Renton, na nagdisenyo ng sining, pinalitan ng PSE ang mga art wrap sa apat sa mga pole ng transmisyon.

Sa Newcastle, nakikipagtulungan ang mga kawani ng PSE sa mga kawani ng Lungsod para makumpleto ang kinakailangang permit sa konstruksyon pagkatapos aprubahan ng examiner ng pagdinig ang aplikasyon sa Permit sa Kundisyonal na Paggamit (Conditional Use Permit, CUP) noong nakaraang tag-init. Inaasahan ng PSE ang pagsisimula ng konstruksyon ngayong taon.

Isang ikaapat na aplikasyon sa CUP ang naaprubahan noong nakaraang taon sa Redmond. May talakayan na ang mga kawani ng PSE at Lungsod tungkol sa pagtupad ng mga kundisyon sa permit na iniuutos ng examiner ng pagdinig. Ang pinal na bahagi ng proyekto ay ang hilagang bahagi ng linya sa Bellevue. Isang pagdinig tungkol sa aplikasyon sa CUP na ito ang inaasahan ngayong taon.

#### Pangangailangan ng proyekto

Ang pangangailangang bumuo ng bagong substation at i-upgrade ang humigitkumulang 16 milya ng mga kasalukuyang linya ng transmisyon mula sa Redmond hanggang Renton ay ang resulta ng walang beses na pagdami ng populasyon sa Eastside simula noong huling pangunahing upgrade sa backbone ng electric grid ng Eastside noong 1960s.

Dahil sa pagkilala sa pagtindi ng katotohanang ang ating ekonomiya ay nakaasa sa power sa mga paraang hindi katulad 50 taon na ang nakalipas, natukoy ng PSE ang peak demand para sa kuryente ay puwedeng lumampas sa kapasidad para sa kasalukuyang sistema. Sa katunayan, mas mabilis na tumaas ang ating peak demand kaysa sa nakamodelo at tumaas ang ating aktwal na peak demand sa tag-init kaysa sa nakamodelo, at ang ating aktwal na peak demand sa tag-init ay lumampas sa ating pagtatantiya sa load para sa lima sa nakalipas na anim na tag-init – mas maaga kaysa sa inaasahan.

Patuloy na kinukumpirma ng ating mga taunang pag-aaral sa pagpaplano na kailangang matugunan ng proyekto ang mga pederal na pamantayan sa pagiging maaasahan. Kasabay ng patuloy at agresibong pagsisikap sa konserbasyon, magpapatuloy ang Energize Eastside at manghihimok ito ng pag-unalad ng ekonomiya sa aming mga komunidad sa Eastside para sa mga darating na taon.

### Ruta ng proyekto ng Energize Eastside

PSE PUGET SOUND ENERGY



Pagkatapos suriin ang maraming ruta, pinili ng PSE ang kasalukuyang corridor bilang pinal na ruta para sa proyektong ito.

## pse.com/energizeeastside







Bisitahin ang **pse.com/energizeeastside** para tumungin ng higit pang simulasyong larawan.



pse.com/energizeeastside

